# ANG IYONG APAT NA KARAPATAN

## KALUSUGAN AT KALIGTASAN



## UNA

### ANG KARAPATANG MALAMAN

Ang mga manggagawa ay may karapatang malaman kung ano ang mga panganib sa kalusugan at kaligtasan hinggil sa kanilang trabaho. Legal na obligado ang employer na sabihin sa mga manggagawa kung ano ang anumang mga panganib na maaari nilang matagpuan sa trabaho, kung gaano kalamang sila malalantad dito, at kung gaano kalubha ang panganib kung sila'y malalantad man dito. Bukod pa rito, dapat siguraduhin ng mga employer na alam ng mga manggagawa kung paano panatilihing ligtas ang kanilang mga sarili kapag may mga panganib na hindi nila maiiwasan.

## PANGALAWA

### ANG KARAPATANG LUMAHOK

Ang mga manggagawa ay may karapatang lumahok sa paggawa ng desisyon na umaapekto sa kanilang kalusugan at kaligtasan. Ito'y gagawin sa pamamagitan ng pagpili ng mga manggagawa sa isang health and safety representative ng unyon para matalakay nito sa employer ang mga isyu sa kalusugan at kaligtasan, o sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga miyembro ng komite ng mga manggagawa sa Health and Safety Committee. Ang karapatang lumahok ay nangangahulugan din na dapat ireport ng mga manggagawa sa kanilang supervisor, sa health and safety representative, o sa miyembro ng komite ang mga panganib na maaaring mapansin nila.

## PANGATLO

### ANG KARAPATANG TUMANGGI

Ang mga manggagawa ay may karapatang tanggihan na gawin ang trabaho na sa paniwala nila ay hindi ligtas para sa kanilang sarili o para sa kanilang mga katrabaho. Bagamat ang mga pamamaraan at mga sitwasyon hinggil sa karapatang tumanggi ay maaaring mag-iba-iba depende sa province at sa mga hurisdiksyon, halos lahat ng mga manggagawa ay may legal na karapatang magsabi na hindi nila gagawin ang isang mapanganib na trabaho.

## PANG-APAT

### ANG KARAPATANG HINDI MAPARUSAHAN

Ang lahat ng mga hurisdiksyon ay may wika sa kanilang mga batas na nagsasabi na hindi legal para sa mga employer na parusahan ang mga manggagawa kapag sinusunod nila nang may buong katapatan ang mga batas ukol sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho. Kabilang dito ang pag-report ng mga panganib, paglahok sa isang komite, at paggamit ng karapatang tanggihan ang mapanganib na trabaho. Ito'y mahalagang karapatan dahil ang isang manggagawang natatakot na maparusahan dahil prinoprotektahan niya ang kanyang kalusugan at kaligtasan ay mas malamang na hindi lalahok sa sistema ng employer.

**Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan** o para sa anumang mga karagdagang katanungan tungkol sa kalusugan at kaligtasan, kontakin ang iyong CUPE Servicing Representative, CUPE National Health and Safety Representative, o kaya'y bisitahin ang aming website sa **cupe.ca/health-and-safety**

CUPE

[Tagalog]